

Form para sa Reklamo

Paano kami makakatulong

Ang British Columbia Office of the Police Complaint Commissioner (OPCC) ay isang walang-kinikilingang ahensiya—hiwalay sa pulis at pamahalaan. Tinatanggap namin ang mga reklamo tungkol sa municipal police at minomonitor namin ang kanilang mga imbestigasyon. Naririto kami para magbigay ng impormasyon, magpayo, at para tulungan ang lahat na kasali sa proseso ng pagreklamo tungkol sa pulis.

Abiso: **Hindi** kami responsable para sa mga reklamo tungkol sa Royal Canadian Mounted Police (RCMP). Kung nais mong mag-file ng reklamo laban sa isang RCMP officer, kontakin ang Civilian Review and Complaints Commission (CRCC). **1 (800) 665-6878** o www.crcc-ccetp.gc.ca

Suporta at Tulong

May iba't-ibang mga uri ng suporta na makukuha para tulungan ka sa proseso ng pagreklamo, kabilang na ang mga serbisyo sa translation at interpretation (pagsasalin sa ibang wika). Para sa tulong upang hanapin ang tamang suporta para sa iyong mga pangangailangan, mangyaring tawagan ang aming tanggapan sa **1 (877) 999-8707** at hilingin ang Outreach and Accessibility Coordinator.

Paggawa ng iyong reklamo

Kapag mas kompleto ang iyong Form para sa Reklamo, mas madali itong maproproseso.

- **Bago ka magsimula** Rebyuhin ang Form para sa Reklamo sa ibaba at tipunin ang lahat ng impormasyong kinakailangan para ilarawan ang iyong reklamo.
- **Piliin kung anong klase ng reklamo ang gagawin mo.**
- **Punan at ipadala ang iyong Form para sa Reklamo** Maaari mong ipadala ang iyong kinompletong Form para sa Reklamo sa aming website, gamit ang email, mail o fax, o maaari rin itong dalhin sa isang municipal police station. Maaari ka ring tumawag sa OPCC staff para magreklamo, sa **1-877-999-8707** (walang bayad na numero), o sa aming tanggapan.

The Office of the Police Complaint Commissioner

5th Floor, 947 Fort Street, PO Box 9895 Stn Prov Govt, Victoria, BC V8W 9T8

Tel: **(250) 356-7458** Fax: **(250) 356-6503** Email: info@opcc.bc.ca Website: opcc.bc.ca

Ang proseso ng reklamo ay magsisimula oras na nagpadala ng isang reklamo. Rerebyuhin ng OPCC ang lahat ng mga reklamo at maaari ka nilang kontakin kung kailangan nila ng karagdagang impormasyon. Kung ayaw mong lumahok sa pormal na proseso ng pagreklamo, maaari mong tawagan ang police department mismo para magreport ng isang Tanong o Alalahanin. Inaatasan ang mga police department na irekord ang mga katanungan o mga alalahanin at sabihin sa OPCC kung paano sila naresolba. Rerebyuhin ng OPCC ang rekord para masigurado na tama ang pangangasiwa dito.

Piliin kung anong klase ng reklamo ang ginagawa mo

Mga Reklamo Tungkol sa Pulis

Ang iyo bang reklamo ay tungkol sa **kilos** (gawi, mga salita, o mga aksyon) ng isang pulis? Kung oo, ito'y isang Reklamo Tungkol sa Pulis. Ang bawat Reklamo tungkol sa Pulis ay prinoproseso at nirerebyu ng OPCC para malaman kung ito'y iimbestigahan. Makakatanggap ka ng sulat tungkol sa desisyon ng OPCC. Kung ang iyong reklamo ay iimbestigahan, magkakaroon ka ng ilang mga takdang karapatan.

Kabilang ang mga sumusunod sa iyong mga karapatan sa ilalim ng *BC Police Act*:

- paglahok sa isang proseso ng Resolusyon ng Reklamo o ng Mediation.
- patuloy kang bibigyan ng update tungkol sa nangyayari sa imbestigasyon ng iyong reklamo.
- makakatanggap ka ng report.
- makapagbibigay ka ng input tungkol sa disiplina o koreksyon na sa palagay mo'y dapat matanggap ng opisyal.
- maaari kang magrequest na rebyuhin ang desisyon kung hindi ka nasisiyahan sa mga resulta.

Mga Reklamo tungkol sa Serbisyo o Patakaran

Ang iyo bang reklamo ay tungkol sa **mga serbisyo o mga patakaran** ng isang police department? Kung oo, ito'y isang Service o Policy Complaint (Reklamo tungkol sa Serbisyo o Patakaran). Ang mga reklamong ito ay rerebyuhin ng police board (lupon ng pulis) ng municipal police department. Maaaring gumawa ng mga rekomendasyon ang Police Complaint Commissioner sa Police Board o sa Direktor ng Police Services bilang resulta ng isang Reklamo tungkol sa Serbisyo o Patakaran.

Maaaring kabilang sa mga reklamo sa Serbisyo o Patakaran ang mga alalahanin ukol sa police department tungkol sa kanilang:

- mga patakaran (mga alituntunin at mga pamantayan na nagpapatnubay sa kung paano ibibigay ng pulis ang kanilang serbisyo)
- training sa mga partikular na lugar
- mga serbisyo (gaano kabisa o kahusay tumutugon ang pulis sa mga request para sa tulong).

Piliin kung anong klaseng reklamo ang ginagawa mo

Reklamo tungkol sa Pulis

Serbisyo o Patakaran

Hindi nalalaman

Paano Ka Makokontak

Mangyaring sabihin kung paano ka namin makokontak. Ang iyong email address at telepono ay makakatulong sa amin na direktso kang kontakin.

Kapag nakikita mo ang star symbol *, ibig sabihin ay kailangan mong ibigay ang impormasyon na iyon para maproseso ang iyong reklamo.

Titulo (Ms., Mx., Mr.): _____

*Pangalan: _____

*Apelyido: _____

Mailing Address: _____

Lungsod/Town: _____

Province: _____

Postal Code: _____

*Email Address: _____

Telepono kung saan ka Makokontak: _____

Alternatibong Telepono: _____

*Petsa ng Kapanganakan: _____

Araw / Buwan / Taon

Kung nais mo, mangyaring sabihin sa amin kung paano ka namin tatawagin sa Ingles (she/her, they/them, he/him): _____

Kung mayroon kang kapansanan, may mga available na accommodations. Mangyaring ipahayag kung anong klaseng accommodation ang kailangan mo:

OPSYONAL: Demograpikong (Background) Impormasyon

Ang pagsagot ng mga tanong tungkol sa iyong kasarian at etnisidad ay **iyong choice**. Hindi nito maaapektohan ang anumang serbisyong inilalaan namin, o desisyon na ginagawa namin kung hindi mo sasagutin ang mga tanong.

Ang impormasyon ay lubos na makakatulong sa amin sa paghatid ng aming mga serbisyo. Kinokolekta namin ang impormasyon tungkol sa mga táong nagpapadala ng mga reklamo at nirerebyu namin ito para masigurado na natutupad namin ang mga pangangailangan ng mga grupo at ng indibidwal na maaaring hindi mahusay na kinakatawan sa proseso ng pagreklamo. Ang personal na impormasyon na ito ay pananatiliing **kompidensyal** at hindi ito ibabahagi sa mga police department o mga police board.

Nirerequire kaming ireport sa publiko ang impormasyon na kinolekta, pero ito ay pinaggru-grupo-grupo para hindi malalaman ang identipikasyon ng sinumang indibidwal. Kasama rito ang statistical demographics tulad ng edad, kasarian, at etnisidad (alinsunod sa seksyon 177(2)(e)(i) ng BC Police Act (2010)). Ang mga report na ito ay hindi maglalaman ng anumang impormasyon kung saan maaaring malaman kung sino ka. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung paano namin kinokolekta ang demograpikong impormasyon, mangyaring kontakin kami sa **info@opcc.bc.ca**.

Kasarian: (Mangyaring banggitin ang iyong kasarian) _____

Etnisidad: Mangyaring tandaan na ang mga halimbawa at mga paglalarawan sa ibaba ay hindi kompletong listahan ng lahat ng mga etnikong background.

Piliin ang lahat ng mga kahon na nagpapakita ng kung ano sa palagay mo ang pinakamainam na naglalarawan sa iyong etnisidad.

Black—African, Afro-Caribbean, African Canadian ang lahi

Indigenous—First Nations, Inuit, Inuk, Métis ang lahi

Latino—Latin American o Hispanic ang lahi

Asian—Intsik, Koreano, Hapon, Pilipino, Vietnamese, ibang Southeast Asian ang lahi

Middle Eastern—Arab, Afghani, Turkish, Kurdish, Persian, West Asian ang lahi

South Asian—Indian Subcontinent ang lahi, Indian, Pakistani, Bangladeshi, Sri Lankan, Indo-Caribbean ang lahi

White—European ang lahi

Iba pang etnikong grupo—mangyaring banggitin: _____

Impormasyon tungkol sa Reklamo

Mangyaring isulat ang lahat ng impormasyon na maaari. Maglakip ng mga karagdagang dokumento o mga pahina kapag kinakailangan.

*Kailan nangyari ang insidenteng ito? (Halimbawa: 02/07/2019 para sa Hulyo 2, 2019) _____ Anong oras ito nangyari? _____
Araw / Buwan / Taon

Saan ba nangyari ang insidenteng ito? Mangyaring magbigay ng detalye tungkol sa lokasyon, kung ito'y nalalaman: _____

*Pangalan ng tinutukoy na Police Department: _____

Pangalan o badge number ng (mga) pulis, kung nalalaman: _____

Police file number, kung nalalaman: _____

Mayroon bang mga saksi? Kung gayon, mangyaring ilista ang kanilang mga pangalan at impormasyon kung paano sila makokontak (kung nalalaman):

Ilarawan ang iyong mga pinsala (kung mayroon man): _____

Kung nagpagamot ka para sa iyong mga pinsala, mangyaring ipahayag kung kailan at saan mo ito natanggap:

Kailan: _____ Saan: _____

Araw / Buwan / Taon

Paglalarawan ng Reklamo

Ilarawan nang may detalye kung ano ang ispesipikong naging sanhi ng iyong pagreklamo. Gamitin ang lugar sa ibaba at magdagdag ng mga karagdagang pahina kung kinakailangan. Pag-isipang ilarawan ang:

- sinabi, ginawa, o hindi ginawa ng (mga) pulis.
- kung ano sa palagay mo ang dapat ginawa o sinabi ng (mga) pulis.
- anumang pinsala o sira dahil sa ginawa o hindi ginawa ng (mga) pulis.
- ebidensiyang mayroon ka tungkol sa (mga) insidente, tulad ng mga retrato, audio, video, o mga medical record.
- patakaran ng police department na maaaring inaalala mo.

Kung ito'y nangyari sa ibang tao at ikaw ang saksi sa insidente, isama ang pangalan at impormasyon kung paano makokontak ang tao kung kanino ito nangyari (kung nalalaman).

Detalye ng Reklamo

Complaint Resolution (Resolusyon sa Reklamo)

Maaaring may pagkakataon ka para makipagtulungan sa police department nang magkasama ninyong maresolba ang reklamo gamit ang isang alternatibong proseso ng resolusyon sa pinagtutunggalian; ito'y tinatawag na Complaint Resolution. Ang Complaint Resolution ay naiiba sa isang Pormal na Imbestigasyon. Ang pangunahing layunin ay ang bigyan ka ng pagkakataong ibahagi ang iyong mga pananaw at marinig ang mga pananaw ng pulis tungkol sa insidente. Hindi ka kailangang makipagkita sa pulis para lumahok sa Complaint Resolution. Kung maayos na matatapos ang proseso, maghahanda ng isang formal resolution agreement (pormal na kasunduan para sa resolusyon) para sa iyo at sa pulis, at ito'y pinananatiling kompidensyal.

Interesado ka bang lumahok sa Complaint Resolution?

Oo Hindi

Ang Aking Pahayag

Pinatutunayan ko na ang impormasyon na ito ay totoo sa abot ng aking kaalaman. Nauunawaan ko na:

- ang reklamong ito ay maaaring imbestigahan ng Professional Standards Unit ng department na inirereklamo ko, at ito'y imomonitor ng OPCC.
- ang reklamong ito ay ibibigay ng isang tao mula sa kanilang Professional Standards Unit o Police Board sa Chief Constable ng department na inirereklamo ko.
- maaari akong kontakin ng isang Professional Standards Investigator o ng isang OPCC Investigative Analyst para sa karagdagang impormasyon, at maaari nitong irequest na lumahok ako sa imbestigasyon; kasama rito ang pagbigay ng karagdagang pahayag.

*Mangyaring pirmahan ng pangalan at apelyido dito

*Petsa ng pagpirma

Freedom of Information and Protection of Privacy (Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagka-pribado)

Ang personal na impormasyon na iyong ibinigay sa Form para sa Reklamo ay kinokolekta ng OPCC sa ilalim ng *Police Act* at alinsunod sa *BC Freedom of Information and Protection of Privacy Act (FOIPPA)*. Ang impormasyon ay gagamitin para imbestigahan ang iyong reklamo.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa proteksyon ng pagka-pribado, mangyaring kontakin ang Office of the Information and Privacy Commissioner for BC sa **(250) 387-5629, info@oipc.bc.ca, o kaya'y bisitahin ang www.oipc.bc.ca.**

Pupunan ng Staff (For Staff to Complete)

Receipt of a Complaint Form. To be completed by the person receiving this complaint:

I _____ from (agency) _____

acknowledge receiving this complaint on _____ Date/ _____ Month/ _____ Year at/ _____ am/pm

If you recorded the complaint, did the originator confirm their complaint's contents when it was read back to them?

Yes. If not, what was done? _____

Was a copy of the complaint receipt given to originator? Yes

Forwarded to OPCC? Yes on _____ Date/ _____ Month/ _____ Year

This Complaint form and additional information provided by the complainant is to be sent to the OPCC for processing within the next business day of its receipt.